Republic of the Philippines
OFFICE OF THE PRESIDENT
COMMISSION ON HIGHER EDUCATION
Region 02

CHEDRO 2
RELEASED
Date: 05/18/21
Signature:

KALATAS MULA SA PANGREHIYONG TANGGAPAN
Numero 145, Serye: 2021

PARA SA : TAGAPAMUNO NG MGA PAMPUBLIKO AT PRIBADONG KOLEHIYO AT UNIBERSIDAD SA REHIYON DOS

PAKSA : PANAWAGAN SA ABSTRAK: UNANG PAMBANSANG KUMPERENSIYA SA GINHAWA

PETSA : Mayo 18, 2021

Nakalakip dito ang paanyaya mula sa Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (PSSP) tungkol sa Panawagan sa Abstrak para sa kauna-unahang Pambansang Kumperensiya sa Ginhawa na may temang " Ginhawa sa Panahon ng Pandemya: Pag-unawa at Pagtugon sa mga Hamong Dulot ng Pandemya" na gaganapin sa ika 1-3 ng Hulyo, 2021.

Ang mga mananaliksik at mga practitioner ay inaanyayahang magsumite sa bit.ly/GinhawaConferencePanawaganSaAbstrak hanggang Mayo 31, 2021 ng kanilang abstrak tungkol sa mga sumusunod na paksa:

1. pag-unawa sa karanasan ng pandemya para sa mga Pilipino;
2. mga modelo at pamamaraan ng pagpapaigting ng nakagiginhawang pag-angkop at paglago sa iba't ibang aspeto ng buhay tulad ng sa sarili, pamilya, komunidad,at pinagtratrabahuan; at
3. mga batayang panuntunan sa pangangalaga at pagsulong ng ginhawa sa panahon ng pandemya.

Ang mga papel ay magkakaroon ng pagkakataong mailathala sa isang espesyal na issue ng Diwa E-journal. Para sa gabay sa paglahok at mga katanungan, maaaring sumangguni at makipag ugnayan sa bumubuo sa Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino.Inc sa pamamagitan ng telepono (02) 7255-7483, 09162114973 or email sa sekretarya@pssp.org.ph, pssponline@gmail.com.

Para sa kaalaman at boluntaryong partisipasyon ng mga kinauukulan.

JULIETA M. PARAS, Ed.D. CESE
Director IV

Kalakip.: Imbitasyon mula sa Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino.Inc

:MAM/05182021/ERDO 9753

WebMail

CHED Regional Office 2 <chedro2@ched.gov.ph>

Panawagan sa Abstrak: Unang Pambansang Kumperensiya sa Ginhawa [EXTENDED DEADLINE: 31 Mayo 2021]

PSSP <pssponline@gmail.com>
Bcc: chedro2@ched.gov.ph

Mon, May 17, 2021 at 4:08 PM

RECEIVED 9757 5-18-21



Isang mainit na pagbati mula sa pamunuan ng Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (PSSP)!

Taon-taon, nagtataguyod ang PSSP ng mga gawaing naglalayong palaganapin ang Sikolohiyang Pilipino (SP) sa iba't ibang sektor ng lipunan bilang isang inter-disiplinaryo at maka-Pilipinong pananaw at pamamaraan. Katuwang ang UP Diliman Psychosocial Services (UPD PsycServ), isasagawa po ng PSSP ngayong taon ang kauna-unahang Pambansang Kumperensiya sa Ginhawa na may temang **"Ginhawa sa Panahon ngPandemya: Pag-unawa at Pagtugon sa mga Hamong Dulot ng Pandemya"** na gaganapin sa 1-3 Hulyo 2021.

Sa loob ng isang taon, binago ng COVID-19 ang buhay at pamumuhay ng mga indibidwal, pamilya, komunidad, at lipunan sa buong mundo. Para sa ating mga Pilipino, patuloy ang hamon ng pakikibaka sa sakit na ito, pag-angkop sa mga hirap at suliraning dala nito, at paghahanap ng mga pagkakataong makaranas ng paglago sa gitna, at sa kabila, ng pandemya. Kailangan ang pagsasama-sama ng iba't ibang kadalubhasaan at pananaw sa pagbubuo ng "better normal" o bagong pamumuhay sa paraang aktibo at nakikilahok.

Layunin ng kumperensiyang ito ang magbigay ng pagkakataon para sa pagbabahagi ng mga pananaliksik at karanasang pang-praktika na may kinalaman sa: (i) pag-unawa sa karanasan ng pandemya para sa mga Pilipino, (ii) mga modelo at pamamaraan ng pagpapaigting ng nakagiginhawang pag-angkop at paglago sa iba't ibang aspeto ng buhay tulad ng sa sarili, pamilya, komunidad, at pinagtratrabahuhan, at (iii) mga batayang panuntunan sa pangangalaga at pagsulong ng ginhawa sa panahon ng pandemya.

Inaanyayahan po ang lahat ng mga mananaliksik at mga practitioner na magsumite ng kanilang abstrak tungkol sa paksang ito. Ang mga papel ay maaaring kwantitatibo, kwalitatibo, teoretikal, kritikal na repleksyon, o rebyu. Para magsumite ng abstrak, tumungo lamang sa: **bit.ly/GinhawaConferencePanawaganSaAbstrak**. Maaaring magsumite ng kontribusyon hanggang ~~**16 May 2021**~~ **31 Mayo 2021**.

Ang mga matatanggap na papel ay magkakaroon ng pagkakataong mailathala sa isang *special issue* ng Diwa E-journal tungkol sa napapanahong paksang ito.

Ang buong kumperensiya ay gaganapin on-line.

Aasahan namin ang inyong mga abstrak. Salamat sa patuloy na suporta sa mga gawain ng PSSP.

Dr. Danielle P. Ochoa
Prop. Argel Masanda
Mga Convenor

Dr. Violeta V. Bautista
Dr. Divine Love A. Salvador



Inaanyayahan ang lahat na magbahagi ng kanilang mga pananaliksik at karanasang pang-praktika na may kinalaman sa:

- pag-unawa sa karanasan ng pandemya para sa mga Pilipino
- mga modelo at pamamaraan ng pagpapaigting ng nakagiginhawang pag-angkop at paglago sa iba't ibang aspeto ng buhay
- mga batayang panuntunan sa pangangalaga at pagsulong ng ginhawa sa panahon ng pandemya

Maaaring magsumite hanggang Mayo 16, 2021 sa link na ito:

bit.ly/GinhawaConferencePanawaganSaAbstrak

Ang mga matatanggap na papel ay magkakaroon ng pagkakataong mailathala sa isang special issue ng Diwa E-journal.

--

Para sa patuloy na pagpapalaganap at pagtataguyod ng **SIKOLOHIYANG PILIPINO**,

Secretariat
Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino
(National Association for Sikolohiyang Pilipino, Inc.)
PRC CPD Accreditation Number: **2018-029**
Adres ng Opisina: **4A Alcal Building** 285 Katipunan Avenue, Loyola Heights, Lungsod Quezon
Araw at Oras ng Opisina: **Lunes - Biyernes; 10:00 n.u. - 7:00 n.g.**
Website: http://www.pssp.org.ph/
E-mail: sekretaryat@pssp.org.ph; pssponline@gmail.com
Facebook Page: https://www.facebook.com/sulongpssp
Facebook Group: https://www.facebook.com/groups/pssponline/
Online Membership Form: http://bit.ly/psspmembershipform
Telefax: **(02) 7255-7483**
Mobile: **(0922) 875-1440; (0916) 211-4973**
Listahan ng mga Kasapi: http://www.pssp.org.ph/pamunuan-at-kasapian/mga-kasapi/